

まんがでわかる



Tagalog
タガログ語


生コンクリート製造業の安全衛生

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Paggawa ng Ready-mixed Concrete



Nilikha ang audiovisual material na ito upang turuan ang tungkol sa mga basikong konsepto ng kaligtasan at kalusugan sa lahat ng mga taong nagtatrabaho sa mga kumpanyang nasa industriya ng paggawa ng ready-mixed concrete.





Ngayong araw na ito, pag-aralan natin ang tungkol sa health and safety sa industriya ng paggawa ng ready-mixed concrete!




Napakahalagang trabaho ang paggawa ng materyales na kailangan para sa pagtayo ng mga gusali, tulay, dam, at maraming iba pa, 'di ba?

Tama!



Tingnan natin ang mga pangunahing dahilan ng mga work related injury.






Sitwasyon ng mga pagkasugat at pagkamatay dahil sa work related injury

1	Nahulog/natumba mula sa concrete mixer truck	55%
2	Naipit/nahila sa belt conveyor	21%
3	Naipit/nahila sa iba pang makina	14%
4	Natabunan nang buhay sa loob ng silo	6%
5	Bumagsak	4%

ZENNAMA (2014-2020)






Ang susunod ay ang "naipit/nahila sa belt conveyor."
Nagkakaroon ng aksidente kung saan habang nagsasagawa ng inspeksyon, tinangkang alisin ng manggagawa ang foreign object mula sa belt conveyor kahit na umaandar pa ito, at nahila ang kanyang kamay kasama ang scraper.




[scraper]
Kagamitang panglinis na nag-aalis ng nanigas na dumi

Dahil gumagamit ng malaking pwersa ang belt conveyor upang paandarin ito, maaaring magkaroon ng malalang aksidente kapag nahila rito.


Mayroon din daw kaso kung saan biglang gumana ang belt conveyor dahil nakalimutang i-OFF ang power.



Napakadelikado ang malingat na paglapit sa umiikot na bagay.



Bukod pa rito, narinig ko rin na nagkaroon ng aksidente kung saan namatay ang manggagawa sa loob ng silo na puno ng materyales na buhangin...



Tama. Habang kinakayod ng manggagawa ang buhangin na dumikit sa pader ng silo, gumuho ang bundok ng buhangin at natabunan siya nang buhay.



Madalas ding nagkakaroon ng aksidente ng pagkatumba, 'di ba?




Maraming mga aksidente kung saan

natapilok sa hakbang, o kaya ay nadulas sa mayelong daan.



Ganoon pala...

Ngayon naman,





Tingnan natin

ang aktwal na lugar ng trabaho!



CASE 1





Sayang naman ang oras habang naghihintay ako.

Ituloy ko na muna ito para matapos kaagad!



Waaahhh!!!



Nandito na kami!Hmm? Nasaan siya?

....Tulong!



Naku!

Bilisan natin at tulungan siya!



Mapanganib diyan kaya huwag ka munang gumalaw! Tutulungan kita kaagad!



...Opo.




CASE1
Buod

Para sa ligtas na pagtatrabaho sa loob ng silo


1

Bilang pangkalahatang panuntunan, huwag magtrabaho sa lugar kung saan may panganib na matabunan ng buhangin atbp.




2

Maglagay ng tagabantay habang may nagtatrabaho sa loob ng silo, at huwag magtrabaho nang mag-isa.



3


Magsuot ng nakatakdang protective equipment habang nagtatrabaho sa loob ng silo, at tiyakin munang makakapagtrabaho nang ligtas bago magsimula. Sa oras na iyon, siguraduhing maglagay ng tagabantay.



Mahirap makatakas kapag natabunan ng maraming buhangin, lalo na kapag mahalumigmig ito. Kapag natabunan ng maraming buhangin, mapipikipik ang mga baga, hindi na makakadaloy nang maayos ang dugo, mahihirapang huminga atbp, at maaari ring mauwi ito sa kamatayan.

CASE 2






OK...!

Huh?



Waaah!

Naku, kailangan mag-emergency stop!



Muntik na 'yon...



Bakit huminto ang belt?!




Kasi po...



...naiintindihan ko na ang nangyari.


Buti na lang at walang masamang nangyari sa pagkakataong ito,



pero muntik nang magkaroon ng malalang aksidente.

Nagkaroon na dati ng taong nahila ang work clothes sa belt conveyor at namatay.

Kapag direktang hahawakan ang equipment at makina, siguraduhing i-OFF muna ang power nito.



Mayroong kahulugan ang bawat tuntunin!

Opo...!

CASE2
Buod

Para sa ligtas na pagtatrabaho sa paligid ng belt conveyor


1

Kapag hahawakan ang belt conveyor, makipag-ugnay muna sa control room at siguraduhing hawakan lamang ito pagkatapos itong tumigil.



2

Siguraduhing huwag hawakan ang tumatakpong makina.




3

Isara nang maigi ang manggas ng iyong work clothes, at isuot ang protective equipment ayon sa tuntunin.



4

Alamin ang lokasyon at paraan ng paggamit ng emergency stop device upang maging handa sa emergency.






5

I-ON ang switch ng mga manggagawa sa control room pagkatapos tiyakin na natapos na ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho ang kanilang gawain.



CASE 3





Buti na lang at gumanda na ang panahon, kaya kailangang magmadali at hugasan ito...!



Sanay naman ako sa trabahong ito, kaya di ko na kailangang magsuot ng safety belt.



OK, tapos na.

ちん

!!





Uwaaahhh!



Ano'ng nangyari?!

Naku!

Tumawag kayo ng ambulansya!




CASE3
Buod

Para sa ligtas na pagtatrabaho sa itaas ng hakbangan


- 1** Suotin nang maigi ang protective equipment (helmet, safety belt, non-slip shoes).




- 2** Habang ginagamit ang safety belt hook, siguraduhing umakyat pataas at pababa nang may 3-point support.




- 3** Mataas at masikip ang likuran ng concrete mixer truck, kung kaya laging isaisip na may panganib tulad ng pagkawala ng balanse at pagkahulog, at sundin ang mga tuntunin.





'Di ba nalaman ninyo na malapit pala sa inyo ang panganib?



Parang may kahawig ang pagka-malamya ng tauhan sa kwento ninyo.

Hmmm? Ano? Sino raw?



Para sa Health and Safety ng pinagtatrabahuhan, importante ang pagsasaisip ng bawat isa at ang pagsunod sa tuntunin.

Ngayon, balikan natin muli ang mga case study.

Mga puntong kailangang pag-ingatan sa industriya ng paggawa ng ready-mixed concrete



1 | Pagkayod ng buhangin mula sa loob ng silo




Kapag nagtatrabaho sa loob ng silo, siguraduhing mayroong tagabantay at sundin ang mga tuntunin sa pagtatrabaho.

2 | Pag-alis ng foreign object sa belt conveyor




Kapag direktang hahawakan ang belt conveyor, siguraduhin na i-OFF ang power, at ipalam sa kinauukulan na may kasalukuyang ginagawa.

3 | Pagkahulog mula sa hakbangan ng concrete mixer truck



Kapag paakyat o pababa sa hakbangan ng concrete mixer truck, gumamit ng safety belt hook, at laging suportahan ang katawan sa 3 punto gamit ang alinman sa dalawang paa at kamay.



Ang work related injury ay hindi lamang nangyayari sa ibang tao. Ito ay problemang malapit sa inyo.

Gusto kong tandaan ninyo na ang pagsunod sa tuntunin ay para rin maprotektahan ang inyong "sarili," "pamilya," at "pamumuhay."




Mahalaga rin ang pang-araw-araw na komunikasyon sa lugar ng trabaho sakaling mayroong mangyari.



OK! Mag-iingat ako sa work related injury at magsisikap ako araw-araw!


Industriya ng Paggawa ng Ready-mixed Concrete

Mag-ingat din sa mga bagay na ito! Hint para sa kaligtasan at kalusugan!



1 | Kailangang pag-ingatan sa concrete mixer truck

1 | Maliit na hakbangan




Maliit ang hakbangan kaya mag-ingat sa pagkadulas lalo na kapag basa ito sa tubig.

2 | Pagkaipit sa chute



Kapag ibinabalik ang chute, lubos na mag-ingat sa pagtatrabaho upang hindi maipit ang kamay.

3 | Biglaang pag-start



Kapag nagtatrabaho sa likuran ng concrete mixer truck, sabihan ang driver at sikaping umiwas sa aksidente.

2 | Kailangang pag-ingatan habang naglalakad



Siguraduhing magsuot ng helmet sa loob ng pabrika, at maglakad nang may lubos na pag-iingat sa mga hakbang at daanan sa iyong paanan.

3 | Kailangang pag-ingatan sa testing room




Dahil maaaring mahulugan sa paa ng specimen, mabigat na kagamitan atbp, siguraduhing magsuot ng safety shoes.

Matuto gamit ang larawan


Alamin ang mga nakatagong panganib habang nagtatrabaho!

Accident awareness training, Kiken Yochi Training (KYT)

Q Isipin natin kung saan may panganib!



A Dito ang mapanganib na punto!



1

Gumamit ng safety belt hook, at siguraduhing umakyat pataas at pababa nang may 3-point support.




2

Lubos na mag-ingat sa hakbang at daanan sa iyong paanan upang hindi matumba.



3

Huwag pumunta sa likuran ng concrete mixer truck para sa kung sakaling bigla itong mag-start paulong.



Pag-isipan kung mayroong iba pang mapanganib na punto.

Alamin sa Pagbasa ng Komiks

Health and Safety sa Industriya ng Paggawa ng Ready-mixed Concrete

Inisyu Marso 2022

Tagalathala: Ministry of Health, Labour, and Welfare

Plano: Mizuho Research & Technologies, Ltd.

Kooperasyon: Working Development ng Materyales para sa Safety Education

Kaugnay sa Industriya ng Paggawa ng Ready-mixed Concrete

Nilikha: Sideranch Inc.



Kapag may katanungan ukol sa materyal na ito
Ministry of Health, Labour, and Welfare
Labour Standards Bureau
Safety and Health Department
Safety Section